FILIPINO 5
IKALAWANG TRIMESTER

Pangalan:_______________________________________________

Baitang 5____

**ARALIN:** Pokus ng Pandiwa

**PANUTO A**: Isulat kung anong pokus ng pandiwa ang ipinapakita ng bawat pangungusap. Ilagay din ang payak na simuno at pandiwa nito

1. Nagpunta ang aming pamilya sa Simbahan ng Baclaran
   Pokus:___________________________________
   
   Simuno:_________________________________
   
   Pandiwa:________________________________

2. Ang simbahan ay pinagdasalan ng aming pamilya.
   
   Pokus:___________________________________
   
   Simuno:_________________________________
   
   Pandiwa:________________________________

3. Ang ipinagluto ni Ate Tess ng meryenda ang mga bisita.
   
   Pokus:___________________________________
   
   Simuno:_________________________________
   
   Pandiwa:________________________________

4. Ipinansulat ni Jose ang bagong lapis na bigay ng kanyang kaibigan.
   Pokus:___________________________________
   
   Simuno:_________________________________
   
   Pandiwa:________________________________

5. Ang iyak ng sanggol ay ikinagulat niya.
   Pokus:___________________________________
   
   Simuno:_________________________________
   
   Pandiwa:________________________________

**PANUTO B**: Basahin nang mabuti ang tanong sa bawat bilang Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang.

LIVEWORKSHEETS

________6. Ano ang relasyon ng pandiwa at paksang may diin sa pangungusap na ito.

*Noong nakaraang buwan, **pinasyalan** ng mag-anak **ang museo**.*

A. Pokus sa Layon
B. Pokus sa Tagaganap
C. Pokus sa Ganapan
D. Pokus sa Tagatanggap

________7. Anong pokus ng pandiwa ang ipinahahayag ng pangungusap na ito?

*Ipagligpit mo ng mga gamit ang iyong ate.*

A. Tagaganap
B. Layon
C. Tagatanggap
D. Ganapan

________8. Ang mga pangungusap ay may pandiwang nasa pokus sa tagaganap maliban sa___.

A. Ang pangulo ay kinokonsulta sa mga problema ng bansa.
B. Ang mga mamamayan ay sumasali sa mga isyung panlipunan.
C. Ipinakikita ng bawat isa ang pagmamahal sa bansa.
D. Nakikiisa ang mga tao sa proyekto ng pamahalaan.

________9. Aling pangungusap ang nagpapakita ng pokus sa layon?

A. Itinanim niya kahapon ang buto ng sili sa hardin.
B. Pinagtaniman niya ng buto ng sili ang hardin.
C. Nagtamin ng buto ng sili ang aking nanay.
D. Ipinagtanim ni ate ang nanay ng mga buto ng sili.

________10. Anong salita sa pangungusap ang nagpapakita ng pinaggaganapan ng kilos?

| Pinaghainan | niya | ang | mahabang | mesa | ng | iba-ibang pagkain. |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | | 2 | 3 | | 4 |

A. 1
B. 2
C. 3
D. 4

________11. Anong pokus ng pandiwa ng ipinakikita sa pangungusap na ito?

**Pinasyalan ng mga bata ang Manila Ocean Park noong nakaraang lakbay-aral.**

A. Tagaganap
B. Kagamitan
C. Direksiyon
D. Ganapan

________12. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pokus sa tagatanggap.

A. Binigyan ng oras ang mga bata na mamasyal sa loob ng pasyalan.

LIVEWORKSHEETS

B. Ang harapan ng museo ay pinagtagpuan ng mga guro at bata.
C. Ibinili ni Vince ng souvenir ang kanyang mga kapatid at kaibigan.
D. Ang lahat ng mag-aaral ay natuwa sa araw na iyon.

__________13. Anong pokus ng pandiwa ng ipinakikita ng pangungusap na ito.

***Sinulatan ni Maria ang kanyang kaibigan na pupunta na sa ibang bansa.***

A. Sanhi
B. Direksiyon
C. Ganapan
D. Kagamitan

PANUTO C: Gamitin ang hinihingi sa bawat bilang sa pagbuo ng makabuluhang pangungusap.

14. Gamitin ang salitang nanay bilang simuno at ipakita ang pokus na tagaganap.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

15. Gamiting simuno ang pagkain na nagpapakita ng pokus na layon

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

LIVEWORKSHEETS